## Taga-gawa ng Paraan,
## Taga-tupad ng Pangako

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis.Techie Rodriguez, Elder-Founder
Oktubre 29, 2022

May mga pagkakataon sa ating buhay na may mga taong nangangako sa atin, ngunit hindi nila ito natutupad. Sa kasalan, ang mga pangako sa araw ng kasal minsan nasisira makalipas lang ng ilang taon. Lahat tayo ay nangangako sa ating pamilya o sa kaibigan na minsan hindi natin nasusunod. Gayunpaman, kapag may sinabi ang Diyos, ito'y naganap na. Dahil sa Kanyang katapatan at pangako, talagang tinutupad Niya ang Kanyang Salita.

**1. Alam natin na tutuparin Niya ang Kanyang mga pangako dahil ito ang Kanyang katangian:**

1.1. Taga-gawa Siya ng paraan.
1.2. Taga-gawa Siya ng himala.
1.3. Taga-tupad Siya ng pangako.
1.4. Liwanag Siya sa dilim.

**2. Lahat ba ng Kanyang pangako ay matutupad?**

2.1. Hindi sinungaling ang Diyos (Tito 1:2).
2.2. Totoong tutuparin Niya anuman ang Kanyang sinabi (Mga Bilang 23:19).
2.3. Diyos Siya ng Katotohanan (Hebreo 6:18).
2.4. Tinutupad Niya ang Kanyang Salita (Jeremias 1:12).

**3. Ang ibang mga pangako ay may kundisyon.** Kung susundin natin LAHAT ang Kanyang mga utos, pagpapalain Niya tayong lahat (Deut. 28).

3.1. **Ang Kundisyon: Sundin ang LAHAT ng utos.** Kung pag-aaralan natin ang Bibliya, hindi lang tayo basta basta pipili ng gusto nating tagubilin (1Timoteo 6:14).

**3.2. Ang mga pangako ay dapat angkop at sinasamahan ng pananampalataya** (Marcos 11:24-25). Ang isang kundisyon ay magkaisa sa panalangin, lalo na ang mag-asawa. Kung hindi, ang ating panalangin ay mahahadlangan. Ang pangakong walang kasamang pananampalataya ay walang saysay (Roma 10:17). Upang maging matibay ang pananalig, kailangang pagnilayan ang Kanyang Salita araw at gabi. Mas mahalaga ang pagkilos kaysa sa pakikinig lamang.

**3.3. Kailangan siguradong handa tayong tanggapin ang mga pangako ng Diyos (1 Samuel 2:30).** Umasa at maghintay hanggang matupad ang pangako. Binigyan si Jose ng pangako noong siya ay bata pa, ngunit natupad lamang ito makalipas ng mahabang panahon. Kinakailangang tayo'y magtiis upang masunod natin ang kalooban ng Diyos (Heb.10:36). Kagaya ni Jose, patuloy lang tayong maging tapat at darating ang pagpapala.

**3.4. Natupad na ang lahat Niyang pangako** (Isaias 55:7-11). Kausapin natin Siya sa ating panalangin; basahin ang Bibliya; at gagabayan Niya tayo (Deut.1:11-12; Josua 24:14-15).

**3.5. Kapag nangako ang Diyos, ito'y naganap na** (1Hari8:24). Manalangin at maniwalang natupad na ito (Jeremias 32). Kailangan natin Siyang sundin, sambahin at parangalan (Josua 32).

**3.6. Makinig at sumunod upang magtagumpay sa buhay.** Paano bumagsak ang pader ng Jerico? Agad nangyari ito noong hindi sumunod ang mga Israelita sa Kanyang mga utos

**3.7. Angkinin ang mga pangako ng Diyos** (sa ating mga panalangin, sa ating mga pagsubok); maaasahan natin Siya sa lahat ng oras (Efeso 6:17-18);Gen 16). Ang pangako Niya kay Abraham ay natupad pagkatapos ng dalawampu't apat (24) na taon.

**Konklusyon:**

Tinutupad ng Diyos ang lahat ng Kanyang pangako kahit may natural na limitasyon. Humingi ng himala, malalaking bagay, at hayaan ang Diyos na mamagitan sa inyong buhay.

**Pagninilay:**

1. Pagkatapos ng napakahabang pakikinig sa Banal na kasulatan, tunay ka bang namumuhay ayon sa Salita ng Diyos?
2. Sa gitna ng kaguluhan, ikaw ba ay nagagalak?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Pagtitiwala#Pananampalataya#Himala